Republic of the Philippines
# Department of Education
REGION VIII - EASTERN VISAYAS

**Advisory No. 200, s. 2023**
**October 17, 2023**

In compliance with DepEd Order (DO) No. 8, s. 2013
This advisory is issued not for endorsement per DO 28, s. 2001,
but only for the information of DepEd officials,
personnel/staff, as well as the concerned public.
(Visit deped.in/region8.deped.gov.ph)

## IKA-47 PAMBANSANG KUMPERENSIYA SA SIKOLOHIYANG KATAMBAL ANG IKALAWANG PAMBANSANG KUMPERENSIYA SA GINHAWA

Attached is a communication from Prop. Jay A. Yacat and Dr. Jayson D. Petras, Convenor, Kumperensiya 2023 and President, PSSP respectively.

In partnership with UP Diliman Psychosocial Services (UPD PsycServ), Pambansang Samahan sa Sikolohiyang Pilipino (PSSP) will hold the Ika-47 Pambansang Kumperensiya sa Sikolohiyang Katambal ang Ikalawang Pambansang Kumperensiya sa Ginhawa on November 23-24, 2023 via Zoom.

The target participants are learners, teachers, and school leaders.

Participation of both public and private schools shall be subject to the *no-disruption-of-classes policy* stipulated in DepEd Order No. 9, s. 2005 entitled *Instituting Measures to Increase Engaged Time-on-Task and Ensuring Compliance Therewith.*

Considering that this is an Advisory, Schools Division Superintendents are given the discretion to act on this matter.

HRDD-RVR

DEPARTMENT OF EDUCATION
RECORDS SECTION, REGIONAL OFFICE NO. VIII
RELEASED
200
By: Date: 10/18/23

**Address:** Government Center, Candahug, Palo, Leyte
**Telephone No.:** (053) 832-5738
**Email Address:** region8@deped.gov.ph
**Website:** https://region8.deped.gov.ph

12465

DEPARTMENT OF EDUCATION
RECEIVED
RECORDS SECTION REGIONAL OFFICE NO. VIII
OCT 17 2023
TIME 10:02

# PAMBANSANG SAMAHAN SA SIKOLOHIYANG PILIPINO

(National Association for Sikolohiyang Pilipino, Inc.)
4A Alcal Building 285 Katipunan Avenue, Loyola Heights, Quezon City
Telefax: (02) 8361-9260 | E-mail: pssponline@gmail.com
Website: www.pssp.org.ph
pssponline

OFFICE OF THE DIRECTOR IV
Date and Time Received 17 OCT 2023 10:53
Date and Time Released 17 OCT 2023

**LUPON NG MGA KADIWA**
*(BOARD OF TRUSTEES)*
**2023**

*Pangulo*
**Jayson D. Petras**
Unibersidad ng Pilipinas Diliman

*Pangalawang Pangulo*
**Miriam Aquino-Malabanan**
Lyceum of the Philippines University-Batangas

*Kalihim*
**Danielle P. Ochoa**
Unibersidad ng Pilipinas Diliman

*Ingat-Yaman*
**Henmar C. Cardiño**
Unibersidad ng Santo Tomas

*Mga Kasapi*

**Maryanne A. Abog**
Unibersidad ng Pilipinas Diliman/ Komisyon sa Karapatang Pantao

**Hadji A. Balajadia**
Pamantasang Ateneo de Davao

**Ricardo A. Clores**
Pamantasang De La Salle

**Roberto E. Javier, Jr.**
Pamantasang De La Salle

**Argel B. Masanda**
National University Clark

**Eda Lou I. Ochangco**
Far Eastern University

**Alicia Q. Tablizo**
Our Lady of Fatima University-Antipolo

**Jay A. Yacat**
Unibersidad ng Pilipinas Diliman

*Ex-Officio*
**Jose Antonio R. Clemente**
Unibersidad ng Pilipinas Diliman

**Aira Mae Mortel**
Pangulo, TATSULOK

*Sekretaryat*
**Kenneth Carlo L. Rives**

*Pangulong Tagapagtatag*
**Virgilio G. Enriquez (+)**
Ama ng Sikolohiyang Pilipino

Ika-16 ng Oktubre 2023

____________________
____________________
____________________
____________________

Mahal na _______________:

Isang mainit na pagbati!

Taon-taon, nagtataguyod ng Pambansang Kumperensiya ang Pambansang Samahan sa Sikolohiyang Pilipino (PSSP), isang panlipunan at propesyonal na organisasyong itinatag noong 1975 na may misyong palaganapin ang Sikolohiyang Pilipino (SP) sa iba't ibang sektor ng lipunan bilang isang interdisiplinaryo at maka-Pilipinong pananaw at pamamaraan.

Ngayong taon, isasagawa ng PSSP katuwang ang **UP Diliman Psychosocial Services (UPD PsycServ)** ang Ika-47 Pambansang Kumperensiya sa Sikolohiyang katambal ang Ikalawang Pambansang Kumperensiya sa Ginhawa na may temang "Mga Landasin Tungo sa Pagsasabuhay ng Ginhawa" sa 23-24 Nobyembre 2023 sa pamamagitan ng Zoom.

Layunin ng kumperensiya ang sumusunod: 1. magkaroon ng dagdag na kaalaman at kabatiran ang mga kalahok tungkol sa lugar ng ginhawa sa kanilang mga personal at propesyonal na tahakin; 2. makapagbulay tungkol sa mga aral at best practices ng nakaraang tatlong taon ng pandemiya, na mabuting ipagpatuloy, palaganapin, at pagtibayin; 3. makapaglinang ng mga pamamaraan ng pangangalaga sa sariling ginhawa; 4. magkaroon ng pakikipag-ugnayan sa kalipunan o network ng mga kapwa iskolar, propesyonal, at mga tagapagtaguyod ng ginhawa; 5. magtampok ng mga bagong pananaliksik sa kultura, lipunan at sikolohiyang Pilipino; at 6. Magbahagi ng mga kaalaman at kasanayan sa Sikolohiyang Pilipino.

Kaugnay nito, nais naming anyayahan ang inyong mga kaguruan, kawani, at mag-aaral na dumalo sa nabanggit na kumperensiya. Ang bayad sa pagdalo ay ang sumusunod:

- **Php700** (Kasaping Panghabambuhay ng PSSP; Kasaping Propesyonal ng PSSP na bayad ng *membership fee* sa taong 2023)
- **Php800** (Di-Kasapi ng PSSP; Kasaping Propesyonal ng PSSP sa mga nakaraang taon pero HINDI bayad ng *membership fee* sa taong 2023)
- **Php1,700** (May kasamang *membership* sa PSSP sa taong 2023; Kailangang sagutan ang *Online Membership Form*: bit.ly/psspmembershipform)

**CPD Units: RGC (9); LPT (7); RSW (10.75); RPsy/RPm (in-process)*

ORD email 10/17/23

- **Php400** (Kasalukuyang mag-aaral sa kolehiyo; Kailangang mag-upload ng *proof of enrolment* at kopya ng *current student ID* kasama ng *proof of payment*)
- **Php600** (May kasamang *membership* sa PSSP sa taong 2024 para sa kasalukuyang mag-aaral sa kolehiyo; Kailangang mag-upload ng *proof of enrolment* at kopya ng *current student ID* kasama ng *proof of payment*; Kailangang sagutan ang Online Membership Form: bit.ly/psspmembershipform)

Maaaring magpadala ng inyong bayad sa aming China Banking Corporation/China Bank **(ibang bangko ang China Bank Savings)** account gamit ang inyong mobile banking app (sa pamamagitan ng InstaPay), mobile wallet (GCash, Maya, GrabPay, DiskarTech, atbp), o sa kahit saang branch ng China Banking Corporation/China Bank. Narito ang detalye ng aming account:

> Account Name: **National Association for Sikolohiyang Pilipino Inc.**
> Alternatibong Account Name para sa Online Fund Transfer Lamang: **NASPI**
> Account Number: **114202018446 (Savings Account)**
> Branch: **China Banking Corporation Corinthian Hills, Quezon City**

Lahat ng tseke ay DAPAT nakapangalan sa "National Association for Sikolohiyang Pilipino Inc." HINDI tatanggapin ang tseke na "NASPI" lamang ang nakasulat. Ang bayad ay NON-REFUNDABLE ngunit TRANSFERABLE.

Lahat ng kalahok ay dapat magpatala sa *online registration form*: **bit.ly/psspxginhawa2023**. Magiging opisyal lamang ang rehistrayon kapag natanggap na namin ang bayad at naisumite sa *online form* ang katunayan ng bayad. Ang huling araw ng rehistrasyon ay sa **20 Nobyembre 2023** ngunit maaaring isara ang rehistrasyon kapag napuno na ang ***350 slots.***

Umaasa po kami sa inyong positibong tugon. Maraming salamat po.

Lubos na gumagalang,

**Prop. Jay A. Yacat**
*Unibersidad ng Pilipinas Diliman*
*Convenor, Kumperensiya 2023*

**Dr. Jayson D. Petras**
*Unibersidad ng Pilipinas Diliman*
*Pangulo, PSSP*

*/kclr09*

**NATIONAL ASSOCIATION FOR SIKOLOHIYANG PILIPINO, INC.**
4A Alcal Building 285 Katipunan Avenue, Loyola Heights, Quezon City
Telefax: (02) 8361-9260 E-mail: secretariat@pssp.org.ph
Website: www.pssp.org.ph
PRC CPD Accreditation Number: 2018-029

## TENTATIBONG PROGRAMA

## IKA-47 PAMBANSANG KUMPERENSIYA SA SIKOLOHIYANG AT IKALAWANG PAMBANSANG KUMPERENSIYA SA GINHAWA: MGA LANDASIN TUNGO SA PAGSASABUHAY NG GINHAWA

## 23-24 Nobyembre 2023

| | |
|---|---|
| **23 Nobyembre 2023 (Huwebes)** | |
| 8:00 – 8:45 n.u. | PAGBUBUKAS NG IKA-45 PAMBANSANG KUMPERENSIYA SA SIKOLOHIYANG PILIPINO<br>Ritwal ng Pagbubukas<br>Pagbati mula sa Co-Convenor/s<br>(Jay Yacat mula sa PSSP at Divine Love A. Salvador mula sa UPD PsycServ) |
| 8:45 – 10:00 n.u. | Keynote Speech ni Atty. Cecilia Jimenez-Damary<br>Senior Professional Lecturer-Transitional Justice, De La Salle University |
| 10:00 – 10:05 n.u. | Transisyon patungo sa Sabayang Sesyon |
| 10:05 – 11:35 n.u. | Sabayang Sesyon 1 (Paglalahad ng Papel) |
| 11:35 – 11:40 n.u. | Transisyon patungo sa Plenaryong Sesyon |
| 11:40 – 12:00 n.u. | Pulong ng Kasapian ng PSSP |
| 12:00 – 1:00 n.t. | LUNCH BREAK |
| 1:00 – 2:30 n.h. | Sabayang Sesyon 2 (Paglalahad ng Papel) |
| 2:30 – 4:00 n.h. | Sabayang Sesyon 3 (Paglalahad ng Papel) |
| **24 Nobyembre 2023 (Biyernes)** | |
| 8:00 – 8:45 n.u. | PAGBUBUKAS NG IKALAWANG PAMBANSANG KUMPERENSIYA SA GINHAWA<br>Ritwal ng Pagbubukas<br>Pagbati mula sa Co-Convenor/s<br>(Jay Yacat mula sa PSSP at Divine Love A. Salvador mula sa UPD PsycServ) |
| 8:45 – 9:15 n.u. | Keynote Speech ni Dr. Violeta V. Bautista<br>Co-Convenor, founding director ng UPD PsycServ, at Prof. Emeritus sa UP Diliman Department of Psychology |
| 9:15 – 9:50 n.u. | Soft Launch / Pagpapakilala ng aklat tungkol sa "Ginhawa"; paghikayat sa pagbubuo ng Ginhawa Network |
| 9:50 – 10:00 n.u. | Maikling pagpapakilala ng mga workshop sa hapon; transisyon mula plenary patungo sa susunod na gawain, ang pulong para sa Ginhawa Network |
| 10:00 – 11:40 n.u. | Pulong tungkol sa Ginhawa Network sa PSSP |
| 11:40 – 11:45 n.u. | Ilang mga announcement; transisyon patungo sa Lunch Break |
| 11:45 – 12:55 n.t. | LUNCH BREAK |
| 12:55 – 1:00 n.h. | Transisyon patungo sa Sabayang Workshop |
| 1:00 – 3:30 n.h. | Sabayang Workshop<br><br>Workshop 1: Ang Kabalintunaan sa Pagdaloy ng Ginhawa: Halaga ng Paglilinaw ng mga Sakit at Sugat sa Buhay<br>Agnes R. Agbayani, MAED, RPsy<br><br>Workshop 2: Ang Bokasyon/Karera bilang Daluyan ng Ginhawa<br>Maria Carmina L. Yatco, MS, RPsy<br><br>Workshop 3: Pagkalas sa Bigat na Dulot ng Family-Work-Life Isyu<br>Jenina A. Borromeo, MA, RPsy<br><br>Workshop 4: Paglinang ng Ispirituwalidad tungo sa Ginhawa<br>Alleana Micaela M. Fuentes, Ms, RPsy |
| 3:30 – 3:35 n.h. | Transisyon pabalik sa Plenaryo |
| 3:35 – 4:00 n.h. | Mga pahabol na pabatid<br>Pasasalamat mula sa PSSP at PsycServ<br>Ritwal ng Pagsasara |

TUNGKOL SA KEYNOTE: **IKA-47 PAMBANSANG KUMPERENSIYA SA SIKOLOHIYANG PILIPINO**

Sa kaniyang keynote, ibabahagi ni Atty. Cecilia Jimenez-Damary ang kaniyang dalubhasang kaalaman tungkol sa papel ng pagsusulong ng katarungan at karapatang-pantao sa pagkamit ng maginhawang buhay para sa mga Pilipino.

Tungkol sa Pangunahing Tagapagsalita:

Si Atty. Cecilia Jimenez-Damary ay isang abogado sa karapatang pantao at internasyonal na makataong batas na dalubhasa sa *forced displacement* at migrasyon. Siya ay may higit sa tatlong dekadang karanasan sa NGO human rights advocacy para sa rehiyon ng Asya-Pasipiko at karanasan sa pagtuturo bilang *adjunct professor* ng *international human rights* at *humanitarian law*. Si Atty. Jimenez-Damary ay kasalukuyang Senior Professional Lecturer sa Pamantasang De La Salle, nagsilbing UN Special Rapporteur on the human rights of the IDPs mula Nobyembre 1, 2016 hanggang Oktubre 31, 2022, bilang kinatawan ng gobyerno sa Philippine Transitional Justice and Reconciliation Commission para sa Bangsamoro mula taong 2014 hanggang 2016, bilang National Director ng IDP Project ng Commission on Human Rights of the Philippines, at nagsilbing Senior Legal Adviser at Trainer sa Internal Displacement Monitoring Center (IDMC) ng Norwegian Refugee Council (NRC) sa Geneva mula taong 2008 hanggang 2012.

Si Atty. Jimenez-Damary ay nagtapos ng LL.M. sa Public International Law mula sa King's College London, UK; MDC sa International Organizations-MBA mula sa University of Geneva, Switzerland; LL.B. mula sa Pamantasang Ateneo de Manila; at B.Sc. in Foreign Service mula sa Unibersidad ng Pilipinas Diliman. Siya ay na-admit sa Integrated Bar of the Philippines noong 1990.

TUNGKOL SA KEYNOTE: **IKALAWANG PAMBANSANG KUMPERENSIYA SA GINHAWA**

Sa kaniyang keynote, sasamahan tayo ni Dr. Violeta "Doc Bolet" V. Bautista na magbalik tanaw sa mga naging siphayo at regalo, mga hamon at pagkakataong, dinala ng tatlong taon ng pandemya sa ating mga buhay at tahakin. Lilinawin ang mga kabatiran at praktika na magandang ipagpatuloy at patatagin pa lalo na sa konteksto ng paglikha ng komunidad ng mga mananaliksik, propesyonal, at tagapagtaguyod ng ginhawa. Ilalatag ni Doc Bolet ang mahahalagang paninindigan sa pagsulong ng ginhawa: 1) pangangalaga ng sariling ginhawa; 2) pagkilala sa mapapait na sugat at karanasan bilang bahagi ng paglilinang ng ginhawa; 3) paglikha ng mga landas tungo sa mga karerang pang-ginhawa, at 4) pagpapatatag ng ugnayan at komunidad ng mga nagsasaalang-alang sa ginhawa.

Tungkol sa Pangunahing Tagapagsalita: Si Dr. Violeta "Bolet" Bautista ay isang *clinical psychologist, trainor, workplace counselor*, at tagapagtaguyod ng kalusugang pangkaisipan. Sa mahigit dalawang dekada, pinangunahan niya ang *clinical psychology program* sa Unibersidad ng Pilipinas Diliman at ngayon ay nagsisilbing propesor emeritus sa parehong institusyon.

Siya ang Tagapagtatag na Direktor ng UP Diliman Psychosocial Services at patuloy na gumaganap bilang *Clinical Supervisor* nito. Siya rin ang unang Pangulo ng Care and Counsel Wholeness Center at ang unang Tagapangulo ng Pastoral Counseling Department ng Asian Theological Seminary. Siya rin ang *Director for Psychosocial Services* ng Life Change Recovery Center.

Aktibong itinuloy ni Doc Bolet ang gawaing adbokasiya sa pamamagitan ng pagganap ng malaking papel sa paggawa at paglo-lobby para sa Mental Health Law ng Pilipinas at sa Mental Health and Psychosocial Support in Disasters and Emergencies. Napili siya ng Professional Regulation Commission (PRC) bilang Outstanding Professional in Psychology para sa taong 2022.

WORKSHOP 1: **ANG KABALINTUNAAN SA PAGDALOY NG GINHAWA: HALAGA NG PAGLILINAW NG MGA SAKIT AT SUGAT SA BUHAY**

*Agnes R. Agbayani, MAED, RPsy*

May kabalintunaan sa pagpapadaloy ng ginhawa. Upang higit na maranasan ng tao ang ginhawa, mahalaga na maharap at matanggap niya ang mga sakit at sugat na pinagdaraanan niya sa buhay. Samakatuwid, ang paglilinang ng ginhawa ay di lamang tungkol sa pagpapaigting ng saya, sarap, at ligaya. Bahagi ng prosesong ito ang pagkilala sa ating mga personal na sugat at kumunoy na maaaring nagdadala ng siphayo sa ating buhay. Sa workshop na ito, gagabayan ang mga kalahok sa isang serye ng mga aktibidad na dinisenyo para sa pagkilala at pagbubulay tungkol sa mga sugat at kumunoy sa buhay, paglilinaw ng mga pansariling pahalaga, at pag-aninag ng mga posibilidad ng nakagiginhawang pamumuhay kasama ang mga sugat at kumunoy na ito.

Pagpapakilala sa Tagapagsanay: Si Agnes R. Agbayani ay isang lisensiyadong sikolohisya na nagtapos ng ng MAED in Guidance and Counseling sa Unibersidad ng Pilipinas Diliman at BS Sikolohiya mula sa Unibersidad ng Santo Tomas. Siya ay nagsisilbing *Executive Director* at *Clinical Psychologist* ng Life Change Recovery Center, Inc. mula 2002 at *Psychosocial Support Specialist (Part-time)* ng UP Diliman Psychological Services.

## WORKSHOP 2: **ANG BOKASYON / KARERA BILANG DALUYAN NG GINHAWA**

*Maria Carmina L. Yatco, MS, RPsy*

Ang ginhawa ay di lamang karanasang sikolohikal. Mayroon din itong praktikal na dimensiyon. Halimbawa, mahalagang gawain sa pagtatag ng *Ginhawa Network* ang paglinang ng mga karerang may kinalaman sa pagpapaigting ng ginhawa ng mga indibiduwal, pamilya, grupo, at komunidad. Sa *career pathing* workshop na ito, ipapakilala sa mga kalahok ang malaking potensyal ng isang karera sa ginhawa. Espasyo rin ito para mapag-usapan at makapagbahaginan tungkol sa hamon kung papaanong ang kanya-kanyang trabaho at tahakin ay maaaring pagdaluyan ng higit na ginhawa para sa sarili at sa kapwa.

Pagpapakilala sa Tagapagsanay: Si Maria Carmina L. Yatco ay isang lisensyadong sikolohista na nagtatrabaho bilang isang Psychosocial Support Specialist sa UPD PsycServ at isang consultant sa BeBer Steps Psychology, Inc. Siya ay nakapagtapos ng kanyang masterado sa sikolohiya sa Departamento ng Sikolohiya sa UP Diliman. Maliban sa pagsasagawa ng serbisyong pangklinikal, may karanasan rin siya sa pananaliksik ukol sa mental health and psychosocial support (MHPSS) sa mga sakuna at ukol sa ginhawa ng mga mag-aaral sa unibersidad.

## WORKSHOP 3: **PAGKALAS SA BIGAT NA DULOT NG FAMILY-WORK-LIFE ISYU**

*Jenina A. Borromeo, MA, RPsy*

Ang pagbabalanse ng personal at propesyunal na buhay, tahakin, at tungkulin ay usapin na para bagang walang katapusan sa bigat at kagulumihanang dulot nito sa buhay ng tao. Sa workshop na ito, gagabayan ang mga kalahok na matuto tungkol sa magkaakibat na lapit at proseso ng *family-work-life balance* at *family-work-life integration*, at maranasan ang higit na pagdaloy ng ginhawa sa buhay sa mahusay na pagtitimbang ng halaga ng mga personal, pampamilya, at pang-karerang tahakin at tungkulin sa buhay.

Pagpapakilala sa Tagapagsanay: Si Jenina A. Borromeo ay isang lisensyadong sikolohista na may ilang taong karanasan sa pagsasagawa ng *psychotherapy* para sa iba't ibang populasyon at pangkat ng edad. Siya ay kasalukuyang nagtatrabaho bilang Senior Psychologist sa UP Diliman Psychosocial Services. Pinangasiwaan din ni Bb. Borromeo ang mga pagsasanay na may kaugnayan sa kalusugan ng isip at mga workshop para sa pribado at pampublikong institusyon at organisasyon.

## WORKSHOP 4: **PAGLINANG NG ISPIRITUWALIDAD TUNGO SA GINHAWA**

*Alleana Micaela M. Fuentes, MS, RPsy*

Isang mahalagang dimensiyon ng karanasan ang isprituwalidad. Ito ay isang landas tungo sa malalim na karanasan ng ginhawa. Ang workshop na ito ay espasyo para sa mga kalahok na may pagnanasang makilala at maki-ugnay nang malaliman sa mga usapin at katanungang hindi madalas nabibigyang pansin sa pang-araw-araw na buhay. Inaasahang magiging *breath of fresh air* ang workshop sa pagbibigay ng pagkakataong makilala ng mga kalahok ang kanilang mga katanungan at duda, mabigyang linaw ang kanilang mga pahalaga, at madama ang ugnayan ng kanilang ispirituwalidad sa kanilang nararanasang ginhawa.

Pagpapakilala sa Tagapagsanay: Nagtapos si Alleana Micaela M. Fuentes ng Master of Science degree in Clinical Counseling Psychology sa Illonois State University, Estados Unidos ng Amerika at Bachelor of Bachelor of Science degree in Psychology mula sa Unibersidad ng Pilipinas Diliman. Kasalukuyan siyang nagtatrabaho bilang Sikolohista para sa St. Luke's Medical Center Global City at UP Diliman PsycServ. Ang kaniyang mga karanasan bilang Mental Health Therapist sa Estados Unidos ng Amerika ay kinabibilangan ng pagtatrabaho sa isang *behavioral health hospital* para sa mga bata at kabataan na may *anxiety, mood, trauma* at *behavioral disorders*; naglingkod sa isang pasilidad ng *adult substance abuse residential facility*, at kasamang nag-facilitate ng DBT *skills groups* para sa mga populasyon na may mataas na panganib na may mga isyu sa pagpapakamatay, pananakit sa sarili, *mood*, at *personality disorders*. Madalas niyang ginagamit ang *Cognitive-Behavioral Therapy* (CBT), *Dialectical Behavior Therapy* (DBT), *Mindfulness-based Cognitive Therapy* (MBCT), *Family Therapy*, at *Solutions-Focused Therapy* sa kaniyang *psychotherapeutic work*. Gumagawa rin siya ng mga pagsasanay at nagsasagawa ng mga panayam tungkol sa pamamahala ng istres at kamalayan at kasanayan sa kalusugan ng isip sa mga setting ng korporasyon, relihiyon, at akademiko.